ORDINANCE NO. 50

NAGTATADHANA NG MGA KAUTUSAN SA KALINISAN AT SANITASYON SA BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO

Iniakda ni: Kgg. Oscar C. Familara
Pangulo : Komite sa Kalusugan at Sanitasyon

Ang Sangguniang Bayan ng Bulalacao, Silangang Mindoro ay nag-aatas ng mga sumusunod:

SEKSYON 1. Ang lahat ay inaatasang sundin ang itinatadhana ng Batas hinggil sa sanitasyon gaya ng "PD 856" at "General Order No. 13" na nagtatadhana na ang lahat ng lote, bahay, o anumang gusali ay mapanatiling laging malinis ng may-ari o namamahala nito;

SEKSYON 2. Ang lahat ng bahay ay kinakailangang magkaroon ng sariling palikuran;

SEKSYON 3. Ang lahat ay inaatasang bakuran ang paligid ng loteng kinatitirikan ng kanilang mga bahay at ipinag-uutos pa ring magkaroon ng tig-iisang basurahang may takip sa loob ng bakuran;

SEKSYON 4. Ang kalahati ng mga pampublikong lansangan ay ipinag-uutos na linisan ng may ari ng bahay na katapat nito;

SEKSYON 5. Sinumang lumabag sa kautusang ito ay mapaparusahan ng pagmumulta ng hindi bababa sa limampung piso (₱50.00) subalit hindi tataas sa limandaang piso (₱500.00) at pamimilanggo ng hindi bababa sa sampung araw subalit hindi hihigit sa anim na pung araw a alinman sa pagmumulta o pamimilanggo alinsunod sa kapasyahan ng hukuman;

SEKSYON 6. A ng lahat ng ordinansang kasalungat nito ay pinawawalang bisa na;

SEKSYON 7. Ang ordinansang ito ay magkakabisa sampung (10) araw matapos ang pagpapatalastas;

ISINABATAS ngayong ika-16 ng Agosto, 1993.

NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:

SIXTO O BARRIENTOS
Kalihim ng Sang. Bayan